

## Ang Iyong Mga Karapatan at Proteksyon Laban sa Mga Sorpresang Medikal na Bill

Kapag kumuha ka ng pang-emergency na pangangalaga o ginamot ng isang provider na wala sa network sa isang ospital na nasa network o ambulatory surgical center, protektado ka mula sa pagsingil ng balanse. Sa mga ganitong sitwasyon, hindi ka dapat singilin nang higit sa mga copayment, coinsurance at/o deductible ng iyong plano.

### ANO ANG "PAGSINGIL NG BALANSE" (MINSAN TINATAWAG NA "SORPRESANG PAGSINGIL")?

Kapag magpapatingin ka sa isang doktor o ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan, posibleng may bayaran kang ilang partikular na [gastos mula sa sariling bulsa](#), tulas ng [copayment](#), [coinsurance](#), o [deductible](#). Maaari kang magkaroon ng karagdagang gastos o kailangang bayaran ang buong bill kung magpapatingin ka sa isang provider o bibisita sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Ang ibig sabihin ng "wala sa network" ay mga provider at pasilidad na hindi pumirma ng kontrata sa iyong planong pangkalusugan para magbigay ng mga serbisyo. Posibleng payagan ang mga provider na wala sa network na singilin ka para sa kulang sa pagitan ng babayaran ng iyong plano at ng buong halagang sisingilin para sa isang serbisyo. Tinatawag itong "**pagsingil ng balanse**." Ang halagang ito ay malamang na mas malaki kaysa sa mga gastos sa network para sa parehong serbisyo at maaaring hindi maisama sa deductible o taunang limitasyon mula sa sariling bulsa ng iyong plano.

Ang "sorpresang pagsingil" ay hindi inaasahang pagsingil ng balanse. Maaari itong mangyari kapag hindi mo makontrol kung sino ang sangkot sa iyong pangangalaga—tulad kapag mayroon kang emergency o kapag nag-iskedyul ka ng pagbisita sa isang pasilidad na nasa network pero hindi inaasahang ginamot ng isang provider na wala sa network. Ang mga sorpresang medikal na bill ay posibleng umabot sa libo-libong dolyar depende sa pamamaraan o serbisyo.

### PROTEKTADO KA SA PAGSINGIL NG BALANSE PARA SA:

#### Mga serbisyong pang-emergency

Kung mayroon kang pang-emergency na kundisyong medikal at kukuha ng mga serbisyong pang-emergency mula sa isang provider o pasilidad na wala sa network, ang pinakamalaking

masingingil nila sa iyo ay ang halaga ng bahagi sa gastos sa network ng iyong plano (gaya ng mga copayment, coinsurance, at deductible). **Hindi** ka puwedeng singilin ng balanse para sa mga serbisyong pang-emergency na ito. Kasama rito ang mga serbisyong makukuha mo pagkatapos maging stable ng iyong kundisyon, maliban kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at isusuko ang iyong mga proteksyon na hindi sisingilin ng balanse para sa mga post-stabilization na serbisyong ito.

Ang Connecticut ay nagpasa ng sarili nitong batas noong 2015 upang matugunan ang pagsingil ng balanse. Nalalapat ang batas sa mga planong pangkalusugan na kinokontrol ng Departamento ng Insurance ng Connecticut at may mga katulad na proteksyon sa mga ibinigay sa ilalim ng pederal na No Surprises Act. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Conn. Gen. Stat. §§ [38a-477aa](#) at [20-7f](#) o ang website ng Departamento ng Insurance ng Connecticut sa [portal.ct.gov/CID/General-Consumer-Information/No-Surprises-Act](http://portal.ct.gov/CID/General-Consumer-Information/No-Surprises-Act).

**Ilang partikular na serbisyo sa ospital na nasa network o ambulatory surgical center**  
Kapag kumuha ka ng mga serbisyo mula sa isang ospital na nasa network o ambulatory surgical center, posibleng wala sa network ang ilang partikular na provider roon. Sa mga kasong ito, ang pinakamalaking masingingil sa iyo ng mga provider na iyon ay ang halaga ng bahagi sa gastos sa network ng iyong plano. Nalalapat ito sa pang-emergency na gamot, anesthesia, mga serbisyo para sa pathology, radiology, laboratoryo, neonatology, assistant surgeon, hospitalist, o intensivist. **Hindi** ka puwedeng singilin ng balanse ng mga provider na ito at **hindi** nila puwedeng hilingin sa iyo na isuko ang iyong mga proteksyon na hindi singilin ng balanse.

Kung kukuha ka ng iba pang uri ng serbisyo sa mga pasilidad na ito na nasa network, **hindi** ka puwedeng singilin ng balanse ng mga provider na wala sa network, maliban kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at isusuko mo ang iyong mga proteksyon.

**Ikaw ay hindi kailanman inaatasang magsuko ng iyong mga proteksyon mula sa pagsingil ng balanse. Hindi ka rin inaatasang kumuha ng pangangalagang wala sa network. Maaari kang pumili ng isang provider o pasilidad na nasa network ng iyong plano.**

Ang Connecticut ay nagpasa ng sarili nitong batas noong 2015 upang matugunan ang pagsingil ng balanse. Nalalapat ang batas sa mga planong pangkalusugan na kinokontrol ng Departamento ng Insurance ng Connecticut at may mga katulad na proteksyon sa mga ibinigay sa ilalim ng pederal na No Surprises Act. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Conn. Gen. Stat. §§ [38a-477aa](#) at [20-7f](#) o ang website ng Departamento ng Insurance ng Connecticut sa [portal.ct.gov/CID/General-Consumer-Information/No-Surprises-Act](http://portal.ct.gov/CID/General-Consumer-Information/No-Surprises-Act).

**Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil ng balanse, mayroon ka rin ng mga proteksyong ito:**

- Ang responsibilidad mo lang bayaran ay ang iyong bahagi sa gastos (tulad ng mga copayment, coinsurance, at deductible na iyong babayaran kung nasa network ang provider o pasilidad). Ang iyong planong pangkalusugan ay magbabayad ng dagdag na gastos sa mga provider at pasilidad na wala sa network nang direkta.

- Sa pangkalahatan, ang iyong planong pangkalusugan ay dapat:
  - Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo nang hindi ka inaatasang paunang humingi ng pag-apruba para sa mga serbisyo (kilala rin bilang “paunang pahintulot”).
  - Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo ng mga provider na wala sa network.
  - Ibatay ang utang mo sa provider o pasilidad (bahagi sa gastos) sa kung ano ang ibabayad nito sa isang provider o pasilidad na nasa network at ipakita ang halagang iyon sa iyong paliwanag ng mga benepisyo.
  - Isama ang anumang halagang babayaran mo para sa mga pang-emergency na serbisyo o mga serbisyong wala sa network sa iyong deductible sa network at limitasyong mula sa sariling bulsa.

**Kung sa tingin mo mali ang siningil sa iyo, makipag-ugnay sa:**

- Departamento ng Insurance ng Connecticut: [portal.ct.gov/CID/Consumer-Affairs/File-a-Complaint-or-Ask-a-Question](https://portal.ct.gov/CID/Consumer-Affairs/File-a-Complaint-or-Ask-a-Question) o Consumer Helpline: 800-203-3447 o 860-297-3900
- Ang Tanggapan ng Healthcare Advocate ng Estado ng Connecticut sa 866-466-4446 o [Healthcare.advocate@ct.gov](mailto:Healthcare.advocate@ct.gov).
- Bisitahin ang [cms.gov/nosurprises/consumers](https://cms.gov/nosurprises/consumers) para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng batas pederal.

### **Español (Spanish)**

ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-860-679-2626

### **Polski (Polish)**

UWAGA: Jeżeli mówisz po polsku, możesz skorzystać z bezpłatnej pomocy językowej. Zadzwoń pod numer 1-860-679-2626

### **Português (Portuguese)**

ATENÇÃO: Se fala português, encontram-se disponíveis serviços linguísticos, grátis. Ligue para 1-860-679-2626

### **Italiano (Italian)**

ATTENZIONE: In caso la lingua parlata sia l'italiano, sono disponibili servizi di assistenza linguistica gratuiti. Chiamare il numero 1-860-679-2626

### **Français (French)**

ATTENTION: Si vous parlez français, des services d'aide linguistique vous sont proposés gratuitement. Appelez le 1-860-679-2626

### **繁體中文 (Chinese)**

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-860-679-2626

### **Kreyòl Ayisyen (French Creole)**

ATANSYON: Si w pale Kreyòl Ayisyen, gen sèvis èd pou lang ki disponib gratis pou ou. Rele 1-860-679-2626

### **Deutsch (German)**

ACHTUNG: Wenn Sie Deutsch sprechen, stehen Ihnen kostenlos sprachliche Hilfsdienstleistungen zur Verfügung. Rufnummer: 1-860-679-2626

### **हिंदी (Hindi)**

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 1-860-679-2626 पर कॉल करें।

### **Русский (Russian)**

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-860-679-2626

### **العربية (Arabic)**

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-860-679-2242x-1 (رقم هاتف الصم والبكم: 1-860-679-2626)

### **λληνικά (Greek)**

ΠΡΟΣΟΧΗ: Αν μιλάτε ελληνικά, στη διάθεσή σας βρίσκονται υπηρεσίες γλωσσικής υποστήριξης, οι οποίες παρέχονται δωρεάν. Καλέστε 1-860-679-2626

### **Tagalog (Tagalog – Filipino)**

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-860-679-2626

### **Tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-860-679-2626

### **Shqip (Albanian)**

KUJDES: Nëse flitni shqip, për ju ka në dispozicion shërbime të asistencës gjuhësore, pa pagesë. Telefononi në 1-860-679-2626

### **한국어 (Korean)**

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-860-679-2626 번으로 전화해 주십시오